## KALAKALAN NG TAKLOBO: ISANG MALAKING PROBLEMA NA NANGANGAILANGAN NG HIGIT NA PAGSISIYASAT

Ang pandaigdigang kalakalan ng taklobo ay nangangailangan ng higit na pagsisiyasat at pansin matapos ang sunod-sunod na pagsamsam ng mga otoridad kasama na ang kakulangan sa kaalaman pagdating sa kalakaran nito batay sa isang pagsasaliksik na inilabas ng TRAFFIC ngayong araw.

Nakapagtala ang pagsasaliksik ng 170 na pagsamsam ng taklobo sa Timog-silangang Asya mula Enero 2003 hanggang Disyembre 2022. Nagresulta ito sa pagkumpiska ng 121,391 tonelada ng mga taklobo at 7,682 na mga kabibe na iligal na ibebenta sa merkado. Mahigit sa kalahati ng mga pagkumpiska (56%) ay naganap simula taong 2017.

Napag-alaman din na ang mga pinakabagong pagsamsam ng taklobo ng mga kinauukulan, na siya ring kinabibilangan ng pinakamalaking pagkumpiska ng 120,000 tonelada noong 2019, ang siyang nagtulak para bigyan ng pansin ang ganitong uri ng kalakalan at para higit itong maunawaan.

“Nakakabahala ang mga datos lalo pa na may mga pag-aaral mahigit isang dekada na ang nakakalipas na tumutukoy sa patuloy na pagbaba ng populasyon ng mga taklobo at may ilang species nang nagiging extinct sa ilang mga bansa,” ani ni Rama Wong, Senior Wildlife Crime Analyst at isa sa mga sumulat ng assessment.

Kakaunti lamang ang kaalaman tungkol sa pandaigdigang kalakalan ng taklobo na siyang itinuturing na pinakamalaking bivalve molluscs sa mundo. Matagal na rin silang kinokolekta para sa pagkain, souvenirs at aquarium trade.

Para masolusyonan ang kakulangan sa impormasyon sa ganitong uri ng kalakalan, tiningnan sa *Trading Giants* na report ang partisipasyon ng ilang bansa pagdating sa ligal at ipinagbabawal na kalakalan ng mga taklobo.

Napag-alaman na ang Pilipinas ang nakapagtala ng pinakamalaking bilang ng kumpiskasyon (71) at karamihan (62%) sa mga ito ay naganap sa probinsya ng Palawan. Dahil sa malakihang pagsamsam ng mga otoridad noong 2019, napag-alaman din na Pilipinas ang nakakumpiska ng karamihan sa mga taklobo na naiulat batay sa bigat sa loob ng 20 na taon.

Sa 29 na kasong may impormasyon tungkol sa pagkakakilanlan ng species, natuklasan na 70.5% ng mga nakumpiskang taklobo ay China Clam *Hippopus porcellanus*, isa sa mga pinakabihirang taklobo sa mundo.

Ayon sa pagsusuri, may kalabuan rin sa pandaigdigang kalakalan ng taklobo. Ang legal na kalakalan ng 10 sa 12 na species ng taklobo ay kinokontrol dahil kasama ito sa Appendix II ng Convention on International Trade in Endangered Species of Wild Fauna and Flora (CITES) at kinakailangan iulat ng mga bansa ang bilang ng mga pag-angkat at pag-export nito.

Hindi nagtutugma ang mga datos na iniuulat sa CITES ng mga bansang nag-aangkat at bansang nag-eexport[1]. Mula taong 2003 hanggang 2021, mahigit apat na milyong taklobo ang naiulat na inangkat ngunit tatlong milyong taklobo lamang ang iniulat ng mga exporters.

“Ang kombinasyon ng mga malalaking pagkumpiska, hindi pagtutugma ng datos ng kalakalan, at kakulangan sa pag-intindi sa kasalukuyang dinamika ng kalakalan ay nakakabahala para sa mga taklobo,” sabi ni Wong na inaanyayahan ang paggawa ng mas detalyadong pagsusuri upang mapunuan ang kakulangan sa kaalaman at matugunan ng maayos ang pagpapatupad ng mga batas, mga alituntunin, at mga pangangailangan nito.

Ayon kay Kanitha Krishnasamy, Direktor ng TRAFFIC sa Timog-silangang Asya, ang pagsusuri sa koleksyon, sa demand centers, at sa mga merkado sa mga pangunahing bansa na pinagmumulan ng mga taklobo ay napakahalaga sa pagsasaayos ng mga regulasyon para sa ligal na kalakalan ng mga taklobo.

“Ang maigting na pagpapatupad ng batas ay maituturing na magandang balita, subalit sa laki ng naiulat na ligal na kalakalan ng mga taklobo, dapat ito ay sabayan ng mas maigting na regulasyon at mga ligal na panuntunan upang masigurado na hindi mapagsasamantalahan ang sistema ng kalakalan,” ani ni Krishnasamy.

Ayon sa mga nagsaliksik, ang pagkilala at paglitis sa mga salarin sa likod ng iligal na pagkuha at pagbenta ng mga taklobo ay isa pang mahalagang gawain ukol sa pangangalaga ng mga naturang hayop.

Nais din ipaliwanag ng mga nagsaliksik na ang malaking bilang ng nakumpiskang taklobo ay maaaring konektado sa organisadong kriminalidad, at kung hindi mababantayan ng mabuti, maaaring maubos nang tuluyan ang mga taklobo bago pa mahalatang may problema dito.

1. Ayon sa pinakabagong datos ng kalakalang inireporta sa CITES.

Para sa iba pang impormasyon, maaari ninyong ma-contact si:
Elizabeth John, Communications Manager, elizabeth.john@traffic.org, Tel: 03-7880 3940